

Pag-uulat ng Whistleblower

Gumawa ang Australia Post Group (**ang Grupo**) ng Hotline para sa Whistleblower para magbigay-daan sa mga kasapi ng lakas paggawa na makapagpahayag ng malalang hindi etikal, labag sa batas, o maling asal alinsunod sa *Batas sa Paghahayag para sa Pamublikong Interes ng 2013* (Public Interest Disclosure Act 2013 o **PID Act**), *Batas sa mga Korporasyon ng 2001* (Cth) (**Corporations Act 2001**), o *Batas sa Pangangasiwa ng Pagbubuwis ng 1953* (Cth) (**Taxation Administration Act**).

Puwede kang maghayag kung isa kang kasalukuyan o dating Kasapi ng Lakas Paggawa gaya ng sumusunod:

- Empleyado ng Grupo;
- Kontratista na nagbibigay ng mga produkto o serbisyo sa APG (may bayad man o wala);
- Empleyado o subcontractor ng isang kontratista na nagbibigay ng mga produkto o serbisyo sa Grupo;
- Nabigyan ng lisensya ng isang Lisensyadong Opisina ng Koreo ng Grupo;
- Empleyado ng isang Lisensyadong Opisina ng Koreo ng Grupo;
- Opisyal o kaanib ng Grupo; o
- Kamag-anak o kapamilya ng sinuman sa nasa itaas;

at

- Walang kaugnayan sa isang Reklamo ng Customer ang iyong alalahanin;
- Walang kaugnayan sa isang personal na bagay na may kinalaman sa trabaho ang iyong alalahanin;
- Mayroon kang mga makatuwirang dahilan para maghinala ng malalang hindi etikal, labag sa batas, o maling asal sa loob ng Grupo o ng isang tao sa o konektado sa Grupo.

Mga Reklamo ng Customer

Dapat makipag-ugnayan ang mga customer na gustong magsumite ng reklamo o may mga alalahanin tungkol sa mga serbisyo ng Grupo sa Customer Contact Center sa pamamagitan ng koreo, email, telepono sa 13 76 78 o online sa pamamagitan ng <https://auspost.com.au/about-us/corporate-information/complaints-and-feedback#letter>

Kabilang sa mga uri ng aktibidad na hindi nakakatugon sa mga pamantayan para sa whistleblower ang mga reklamo tungkol sa:

- Paghahatid ng mga sulat o parcel;
- Pagkolekta ng sulat o serbisyong natanggap sa isang pasilidad ng Australian Post; o
- Asal ng mga kawani ng Australia Post na naobserbahan ng mga customer o ng pangkalahatang publiko hal. Pag-uulat ng mga paglabag kaugnay ng pagmamaneho.

Habang gusto ng Grupo na isumite ang mga reklamo ng lahat ng customer gamit ang itinalagang mga channel para sa team ng Pakikipag-ugnayan sa Customer, kung may anumang reklamo na isinumite sa pamamagitan ng mga channel sa pakikipagkomunikasyon ng Whistleblower, ipapadala ang reklamo sa naaangkop na team para aksyunan.

Mga personal na bagay na may kinalaman sa trabaho

Mga alalahanin tungkol sa:

- Personal na bagay na may kinalaman sa kasalukuyan o dating trabaho ng isang tao sa Grupo;
- Hindi angkop na asal na may personal na kaugnayan sa mga indibidwal gaya ng diskriminasyon, panliligalig, o pambu-bully (maliban kung ang mga aksyong ito ay paghihiganti dahil sa paghahayag); o
- Ang iba pang hindi malala o hindi sistematikong isyu ng maling asal na walang mas malalawak na implikasyon sa Grupo,

ay dapat iulat sa ilalim ng kaugnay na patakaran kung saan mas angkop na mapapangasiwaan ito.

- Para sa mga alalahanin sa panliligalig, diskriminasyon, o pambu-bully na may personal na kaugnayan sa mga indibidwal, makipag-ugnayan sa HBD Hotline sa HDBMatters@auspost.com.au o tumawag sa 1300 116 947;

- Para sa iba pang personal na bagay na may kinalaman sa trabaho, sumangguni sa kinatawan ng inyong HR o pinuno ng mga tao.

Kaugnay naman ng mga reklamo ng customer, kung makatanggap kami ng mga isyu tungkol sa mga alalahanin na personal na may kinalaman sa trabaho sa pamamagitan ng aming mga channel sa pakikipagkomunikasyon ng Whistleblower, ipapadala namin ito sa naaangkop na grupo sa loob ng APG para pamahalaan ito.

Ano ang protektadong paghahayag?

Puwedeng maging protektado ang isang paghahayag bilang isang pampublikong interes o paghahayag ng whistleblower kung ang isang Kasapi ng Lakas Paggawa, o pampublikong opisyal ng isa pang ahensiya, ay makatuwirang pinaghihinalaan ang isang matinding maling gawain, maling asal o hindi tamang katayuan ng mga pakikipag-ugnayan o sitwasyon. Kabilang dito ang:

- Asal o mga gawi na lumalabag sa batas, regulasyon, o kodigo (gaya ng pagnanakaw, pagbebenta o paggamit ng ipinagbabawal na gamot, mga kriminal na pamiminsala, atbp.) ng Australia o sa ibang bansa;
- Tiwali o mapanlinlang na asal (gaya ng maling paggamit ng mga pondo, panunuhol, maling pag-iimpluwesiya, mali o mapanlinlang na impormasyon, atbp.);
- Maling pangangasiwa o malalang maling pamamahala o pagsasayang ng mga mapagkukunan ng Australia Post (gaya ng labis na pribadong paggamit ng ibinigay na telepono para gamitin sa trabaho, hindi awtorisadong paggamit ng mga fuel card para sa mga pribadong sasakyan, paggamit ng mga mapagkukunan/impormasyon ng Grupo para sa personal na pakinabang, atbp.);
- Asal kaugnay ng seryosong panganib sa kalusugan o kaligtasan o matinding panganib sa kalikasan o sa publiko;
- Asal kaugnay ng posibleng paglabag sa mga pamantayan ng mga karapatang pantao;
- Asal na maaaring magdulot ng malaking pinansyal o hindi pinansyal na pagkalugi ng Grupo o pinsala sa reputasyon at brand nito, o maaaring magdulot ng pinsala sa sistema ng pananalapi; o
- Seryosong paglabag ng Ating Etika.

Kung Paano Gagawin ang Paghahayag ng Whistleblower

Kung isa kang kasalukuyan o dating Kasapi ng Lakas Paggawa ng Australia Post Group, o isang pampublikong opisyal ng isa pang ahensiya, na gustong mag-ulat ng pinaghihinalaang matinding maling gawain, maling asal, o hindi tamang katayuan ng mga pakikipag-ugnayan o sitwasyon, puwede kang magsumite ng paghahayag sa pamamagitan ng **Hotline ng Whistleblower sa 1800 799 353 (kung nasa Australia) o +61 3 8603 5364 (kung nasa ibang bansa).**

Pinamamahalaan ng isang panlabas na provider ang Hotline ng Whistleblower, na magpapadala ng iyong mga alalahanin sa Awtorisadong Opisyal ng Australia Post Group.

Kung isang (o maituturing na) PID ang iyong paghahayag sa ilalim ng Batas ng mga Korporasyon o Batas sa Pamamahala ng Pagbubuwis, pamamahalaan ito alinsunod sa kaugnay na batas sa whistleblower, gaya ng inilarawan sa ibaba, sa sandaling matanggap ito ng aming external na tagapagbigay.

Bilang alternatibo, puwede kang direktang makipag-ugnayan sa Awtorisadong Opisyal ng Australia Post Group sa pamamagitan ng [Portal ng Hotline ng Australia Post Group](#)

Impormasyon na Kailangang Isama

Kapag naghahayag, dapat mong pag-isipang magbigay ng marami sa sumusunod na mga detalye hangga't maaari, para tulungan ang Australia Post Group na matukoy ang pinakamagandang gagawing aksyon:

- Ang iyong pangalan at detalye sa pakikipag-ugnayan (inirekomenda, pero puwedeng magsagawa ng mga hindi makikilalang paghahayag);
- Ang katangian ng maling gawain;
- Ang mga detalye ng tao na sa palagay mo ay gumawa ng maling gawain (kung ang taong iyon ay kinontratang tagapagbigay ng serbisyo, ibigay ang mga detalye at lokasyon ng tagapagbigay);
- Kailan at saan nangyari ang maling gawain;
- Anumang kaugnay na pangyayari may kinalaman sa maling gawain;
- Sinupamang nakakaalam o sangkot sa maling gawain;
- Sinupamang puwedeng magpatunay sa mga pahayag;
- Kung may ginawa ka bilang tugon sa maling gawain;
- Kung may alalahanin ka tungkol sa posibleng paghihiganti;
- Anumang sumusuportang impormasyon (hal. Mga dokumento, tala na file).

Dapat na maging malinaw at batay sa katotohanan ang ibinigay na impormasyon. Iwasan ang mga haka-haka, personal na pag-atake, at madamdaming wika.

Pangangasiwa ng iyong paghahayag

Pagkatapos mong maghahayag, susuriin ng Team ng Whistleblower kung maaaring maging protektado bilang paghahayag ng pampublikong interes ang ginawang paghahayag sa ilalim ng Batas ng PID o isang paghahayag ng whistleblower sa ilalim ng Batas ng mga Korporasyon o Batas sa Pamamahala ng Pagbubuwis.

Ipapaalam sa iyo ang anumang desisyon para italaga ang iyong paghahayag sa isang imbestigador at kung may oportunidad na magdesisyon kung gusto mong ibigay sa imbestigador ang iyong pagkakakilanlan. Kung ayaw mong ipaalam sa imbestigador ang iyong pagkakakilanlan, puwede itong makaapekto sa kanilang kakayahang imbestigahan ang iyong mga alalahanin.

Kung hindi nakakatugon sa mga pangangailangan para sa paghahayag ng pampublikong interes sa ilalim ng Batas ng PID o isang paghahayag ng whistleblower sa ilalim ng Batas ng mga Korporasyon o Batas sa Pamamahala ng Pagbubuwis, pero maisasaalang-alang sa ilalim ng ibang patakaran, isasangguni ng Team ng Whistleblower ang bagay na ito sa naaangkop na team para isaalang-alang at imbestigahan pa (kung naaangkop) ang mga isyu.

Mga Proteksyon sa ilalim ng Batas ng PID, Batas ng mga Korporasyon, at Batas sa Pamamahala ng Pagbubuwis

Kung natukoy na paghahayag ng pampublikong interes ang iyong isyu sa ilalim ng Batas ng PID o isang paghahayag ng whistleblower sa ilalim ng Batas ng mga Korporasyon o Batas sa Pamamahala ng Pagbubuwis, mailalapat sa iyo ang sumusunod na mga karapatan:

- Kumpidensyal at napapanahong pamamahalaan ang iyong paghahayag,
- Mayroon kang proteksyon mula sa sibil, kriminal, at administratibong pananagutan kaugnay ng pagsasagawa ng protektadong paghahayag.
- Mayroon kang proteksyon mula sa pagpapatupad o pagsasagawa ng mga kontraktuwal na paglutas laban sa iyo batay sa iyong PID.
- Mayroon kang proteksyon mula sa pagpinsala o paghihiganti laban sa iyo para sa paghahayag o kung pinaghihinalang naghayag.

Patuloy na mailalapat ang mga proteksyon at immunity na ito pagkatapos maisapinal ang anumang imbestigasyon.

Gayunpaman, hindi ka mapoprotektahan ng mga batas para sa whistleblower kung sinadya mong maghayag ng mali o mapanlinlang na impormasyon, o mula sa mga kahihinatnan ng sarili mong maling gawain na natukoy bilang resulta ng iyong paghahayag.

Ang iyong mga responsibilidad

Mailalapat ang sumusunod na responsibilidad sa mga Kasapi sa Lakas Paggawa sa paghahayag sa ilalim ng Batas ng PID, Batas ng mga Korporasyon, o Batas sa Pamamahala ng Pagbubuwis:

- Huwag sadyang mag-ulat ng mali o mapanlinlang na impormasyon.
- Maging maingat sa iyong paghahayag at panatilihin itong kumpidensyal sa buong proseso.
- Magbigay ng makatuwirang tulong kung kinakailangan habang isinasagawa ang imbestigasyon.
- Alertuhan ang iyong supervisor, awtorisadong opisyal/karapat-dapat na tagatanggap o Team ng Whistleblower tungkol sa anumang problema na maaaring kinakaharap mo o posibleng mapaghiganting aksyon kaugnay ng iyong paghahayag
- Humingi ng naaangkop na suporta kung kailangan mo.
- Humingi ng hiwalay na legal na payo tungkol sa proseso at iyong mga karapatan at responsibilidad kung kailangan mo.

Mga Magpapahayag na Hindi Makikilala

Kapag maghahayag, puwede mong piliing ipakilala ang iyong sarili o gumawa ng hindi makikilalang paghahayag.

Gayunpaman sa ilang sitwasyon, maaaring maging mahirap o hindi praktikal para sa Australia Post na imbestigahan ang iyong paghahayag kung mananatiling hindi nakikilala. Pakitandaan na kung pinili mong manatiling hindi makikilala at hindi nagbigay ng mga paraan para sa pakikipag-ugnayan, mahihirapan ang Australia Post na makipag-ugnayan sa iyo sa buong proseso.

Karagdagang impormasyon

Batas ng PID: [Public Interest Disclosure - Commonwealth Ombudsman](#)

NACC Act: <https://www.nacc.gov.au/about-nacc/overview>

Batas ng mga Korporasyon: <https://asic.gov.au/about-asic/asic-investigations-and-enforcement/whistleblowing/>

Batas sa Pamamahala ng Pagbubuwis: <https://www.ato.gov.au/general/gen/whistleblowers/>